# Modyul 20
# Pagsusuri ng Akda sa Teoryang Romantesismo at Eksistensyalismo



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay sadyang inihanda para sa iyo. Marami ka na bang natutuhang aralin sa mga modyul? Alam ko  na pinagsisikapan mong mabuti na masagot ang mga gawain. Ang isang bahagi ng nobelang iyong babasahin ay tiyak na magugustuhan mo.

Maraming mahihirap na nagnais na mabago ang kalagayan sa buhay. Iisa lamang kadalasan ang ninanais nilang gawain, lisanin ang pook ng kahirapan. Makipagsapalaran, 'yan ang pangunahing hakbang. Sa bagay marami rin ang nabibigo at nagbabalak sa dating kinalakihang lugar. Ito ang paksa ng isang bahagi ng nobelang iyong babasahin. "Ang Tundo Man ay May Langit Din" ni Andres Cristobal. Maganda ang nobelang ito tiyak na maiibigan mo.

Isa pa ring bahagi ng nobela ang iyong babasahin na kasama sa modyul na ito. Ang pamagat ay "Timawa" ni Augusto Fabian. Tulad ng naunang nobela, umiikot din sa kahirapan ng buhay ang paksa nito. Masakit para sa isang mahirap ang mapagsabihang timawa. Para bang hanggang doon ka na lang. Di na aangat ang iyong buhay. Ngunit kung sa isang batang may ambisyon sa buhay, di niya palalampasin ang anumang pagkakataon na makaahon sa kahirapan lalo na sa kalagayan ng ulilang lubos. Anu-ano kaya ang pinagdaanang buhay ng pangunahing tauhan? Iyan ngayon ang iyong aalamin. Tiyak kong maiibigan mo ang iyong babasahing nobela.

Ang iyong kaalaman sa pagsusuri—panlingguwistika, pangnilalaman at pampanitikan ay lalo pang lalawak sa araling ito. Maiuugnay mo rin sa iyong sarili ang mga damdaming nangibabaw sa mga dayalogo na ginamit sa loob ng kabanata. Ang iyong mga dating alam, kasama na rito ang iyong sariling karanasan at gayon din ang pang-iba ay maaari mong paghanguan ng iyong mga kasagutan.

Tutulungan kang muli ng mga inihanda kong gawain. Kayang-kaya mo ang mga ito. Handa ka na ba? Simulan mo na.

## *Ano ang matututunan mo?*

Nasusuri ang nobela ayon sa damdamin at paniniwala ng tauhan

## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Malaki ang maitutulong sa iyo ng modyul na ito. Sundin mo ang mga panuto at tuntunin sa paggamit upang maging maayos at kapaki-pakinabang ang iyong pag-aaral. Ito'y sadyang inihanda para sa madali mong pagkatuto.

1. Sagutin mo nang maayos ang unang gawain sa bahaging "Ano ba ang Alam Mo?" Susukatin nito ang iyong kaalaman tungkol sa aralin.

2. Itsek mo ang iyong mga sagot. Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Huwag kang mag-alala kung marami kang mali. Mababatid mo rin ang mga tamang katugunan kapag natunghayan mo na ang kabuuan ng aralin.

3. Basahin at unawain mong mabuti ang mga akda. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawain. Mababasa mo kung paano ito gagawin.

4. Sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit sa bawat aralin at ganoon din ang pagsubok sa kabuuan sa "Gaano Ka na Kahusay?" Maging matapat ka sa pagwawasto. Kunin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

5. Ingatan mong huwag masira ang modyul na ito at huwag mo ring sulatan.

## *Ano ba ang alam mo?*

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang isinasaad sa bawat pangungusap. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Naglaho ang mga pangarap ng magkasintahan dahil sa <u>pagtatalusira</u> ng isa sa kanila. Ang kahulugan ng pagtatalusira ay -
   a. paglalaho
   b. pagsumpa
   c. paghinanakit
   d. pagtataksil

2. Mga hampas-lupa ang turing ng donya sa mga katulong. Nangangahulugan ang may salungguhit ng-
    a. walang hanapbuhay
    b. mahihirap
    c. magsasaka
    d. palaboy

3. Para di maapektuhan sa narinig nagkibit-balikat na lamang ang binata at ipinagpatuloy ang gawain. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay -
    a. itinaas na balikat
    b. di-pinansin
    c. nainis na
    d. naaburido

Piliin mo sa ibaba ang damdaming nangibabaw sa isinasaad ng dayalogo. Titik lamang ang iyong isulat.

4. "Kapag naunawaan mo na pala ang isang bagay, kapag nawatasan mo na kung bakit ganoo't ganito ang isang nilalang, babaguhin mo ang dati mong alaala."

5. "At anim na buwang singkad akong tagapagmasahe ng mga pinggan, kubyertos, at mga lutuan sa bapor. Kaya hindi kayo dapat magtaka na ako'y eksperto sa mga gawaing iyan."

6. "Halos ang gabi ay ginagawa niyang araw. Ibig niyang makaipon. Ang adhika niya ay maging manggagamot ako."

Mga Pagpipilian:
- a. pagmamalaki
- b. pamimighati
- c. pag-unawa
- d. panunumbat
- e. pagsisisi

Panuto: Piliin mo ang ginawang paglalarawan sa tauhan batay sa sumusunod na pahayag. Isulat mo ang titik lamang.

7. "Nagtitiwala ako na ang Tundo ay may langit din. Iyon ang aking hahanapin. Hindi lamang para sa aking sarili."

8. "Isinumpa ko sa harap ng bangkay ng aking ama na ako ay magiging manggagamot."

9. "Maluwat na nating kasama si Andy. Wari ay malayo siya. Gayong kay lapit ay kay layo."

Mga Pagpipilian:

a. kilos
b. paniniwala
c. gawi
d. paninindigan
e. pagsasalita

10. Sinabihan ka ng "timawa", ano ang dapat mong gawin? Piliin mo ang titik lamang ng may tamang sagot.
    a. magdamdam habang panahon
    b. magpaliwanag sa nagsabi
    c. umiwas sa nagsabi
    d. magsumikap makaahon sa kahirapan

Nasagot mo ba'ng mga karamihan sa gawain. Kunin mo ang Susi sa Pagwawasto. Itsek mo ang iyong sagot.

# *ARALIN 1: Ang Tundo Man ay May Langit Din*

### ***Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?***

Matapos mong basahin ang akda, inaasahang matatamo ang sumusunod na kasanayan.

1. Nabibigyang - kahulugan ang mga pahayag na nagtataglay ng pahiwatig

2. Naiuugnay sa sarili ang mga damdaming nangingibabaw sa pamamagitan ng dayalogo na ginamit sa loob ng kabanata

3. Nasusuri ang kabanata sa pamamagitan ng teoryang romantisismo

4. Napangangatwiranan ang sariling paniniwala batay sa paniniwalang nakapaloob sa akda

5. Nakasusulat ng dayalogo batay sa napiling pahayag mula sa akdang tinalakay

## ✍ *Mga Gawain sa Pagkatuto*

1. **Alamin mo…**
   Panuto: Anu-anong damdamin ang ipinahihiwatig sa larawan? Piliin mo ang angkop na sagot. Titik lang ang isulat mo.



Mga Pagpipilian:

a. tagumpay ng lahat
b. kaligayahan ng sambayanan
c. katiwasayan ng loob
d. kagalakan ng puso
e. katuwaan sa dibdib

Kayang-kaya mong sagutan ang mga gawain, hindi ba? Kunin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Itsek mo ang iyong mga sagot
.

2. **Basahin mo…**

Mahilig ka bang magbasa? Isa itong magandang libangan, di ba? Kapupulutan mo ng mahahalagang aral ang nobelang iyong babasahin. Napalalawak din nito ang iyong kaalaman. Madarama mo ang lungkot at ligaya sa buhay ng tauhan.

Unawain mong mabuti ang iyong babasahin at sa palagay ko'y maiibigan mo ang isang bahaging ito ng nobela.

**Ang Tundo Man May Langit Din**
**(Kabanata VIII)**
Ni Andres Cristobal Cruz

Hindi maputul-putol ang tawang marahan ni Victor. Hindi makatingin si Alma. Ibig na ibig niyang humingi ng paumanhin. Waring nadarama niya sa pagtawa ni Victor ang inililihim nitong pagdaramdam. Pabiro man, nabigla siya sa sinabi niyang hindi ang klase ni Victor ang ipagseselos niya.

Tumingin si Victor sa orasang malaki sa *lobby.*

"Magta-*time* na," wika ni Victor at saka lumakad papalayo patungo sa pasilyong palabas.

Nagngingitngit sa sariling sumunod si Alma. Ngayon lamang sila muling nagkabati ay si Victor naman ang nagdaramdam. Muntik na siyang tumakbo upang habulin si Victor. Ayaw naman niyang maging kapuna-puna siya. Lumakad na lamang siya nang mabilis at nilakihan ang kanyang mga hakbang. Si Victor ay nakalabas na sa pasilyo at patungo na sa gusali ng Education.

"Totoo kaya ang sinabi niyang nagseselos ako?" naitanong ni Alma sa sarili. Hindi niya matiyak kung iyon ang dahilan at siya'y nagalit nang magsinungaling sa kanya si Victor tungkol sa pagkakahuli nito nang dahil sa pagkikipagkita nito sa dating katipan noong Sabado.

"Ba't pa 'ko nakasama-sama sa *bowling*," may paninising wika ni Alma sa sarili. "Sana'y hindi ko na nabalitaan na si Victor ay may kasamang babae noong Sabado ng hapon."

Sinundo siya ng kaniyang pinsang si Minnie noong Sabado pagkatapos ng klase. Iyon daw ang sinasabi niyang taga-Tundo ay nakita ni Minnie na naunang lumabas at nagmamadaling pumanaog sa hagdang malaki ng kilalang palamigan sa Quiapo.

"Ipakukumbida ko sana sa'yo," sabi pa ni Minnie. "Ibig kong subukan, mapatunayan ang sinabi mong hindi siya katulad ng ibang binata. Isasama natin sa *bowling* sa Quiapo. Naroroon na sina Johnny, Nick at Monching."

Dumating sila sa Quiapo, sa palamigang may kasamang *bowling alley.* Si Nick na kapatid ni Minnie at minsang naipakilala na ni Alma kay Victor ang nakapagbalita. Hindi makapaniwala si Alma. Gayunma'y hindi siya nagpahalata. Panay sa kanal ang takbo ng kaniyang mga bola nang naibalita na ni Nick ang tungkol sa nakita niyang kasama ni Victor sa palamigan.

"*Beautiful na beautiful*," sabi pa ni Nick, "alam mo na pati si Monching, muntik nang mabago ang paniwalang ikaw, Alma, ang pinakamaganda."

Matagal nang may gusto si Monching kay Alma.

Hindi inabutan ni Alma si Victor. Hustung-hustong labasan na ng isang klase nang makarating siya sa gusali ng Education. Pumasok sa kanilang *classroom* si Victor. Magkatabi sila ng upuan sa may likuran.

Hindi nakatiis si Alma nang nagkaklase na sila. Pumilas siya ng isang dahon sa kanyang kuwaderno at sinulatan iyon, pagkatapos ay tiniklop at iniabot ang kanyang sulat kay Victor na nasa kanan niya.

Binuklat ni Victor ang kinuha niyang nakatiklop na papel. Malaking-malaking SORRY ang nakasulat doon.

Huling-huli ni Victor ang panakaw na tingin sa kanya ni Alma. Hindi pinansin ni Victor ang sulat ni Alma. Sinulyapan niya ang nakatitik sa sulat subali't walang mababasa si Alma sa kaniyang mukha.

Mayroon silang *vacant period* na tatlumpung minuto pagkatapos ng klase nila. Alas siyete na ulit ang pasok nila. Nang matapos ang klase, binigyan ni Alma ng daan si Victor. Daraan si Victor kay Alma upang makalabas. Nanatiling nakaupo si Alma at kunwari'y sinamsam ang kanyang mga libro't kuwaderno.

"Nabigla ako," wika ni Alma, "sori".

"Ang klase ko bang ito'y pinagkakausap mo pa?" kunwari'y nagdaramdam pa ring tugon ni Victor. Hindi pa rin nakakahalata si Alma sa pag-aartista ni Victor.

"A, ikaw ang bahala," wala nang magawang sabi ni Alma, sinabi ko nang nabigla ako, sori…"

Kinikipkip ni Alma ang kanyang mga libro't kuwaderno, tumayo at lumabas sa kuwarto. Silang dalawa ni Victor ang huling lumabas. Umuna ng bahagya si Victor at saka nagsalitang may arte pang animo'y isang baklang malambot ang baywang at mga kamay at nagboses babae siya.

"Masakit po ang inyong biro. Alam po naman ninyong hindi akwoh bhasta-bhasta." Natawa rin si Victor sa kanyang pagpapatawang iyon.

"Tigilan mo nga 'yan", saway ni Alma. "Baka mahipan ka ng hangin. Maraming nakakakita sa'yo!"

Nakaramdam ng pagkapahiya si Victor nang mapansin niyang nakatinging nagtataka sa kanya ang ilang mga kaiskuwela.

"Tena sa *canteen*," anyaya ni Alam nang lumabas na sila sa gusali ng Education. "Ibo-*blowout* kita."

"Yan na naman" wika ni Victor na itinaas ang boses.

"O, bakit?" pagtataka ni Alma.

“Ano, ano ‘ko? Bata?” paliwanag na nagtatawa ni Victor. “Pagkatapos mong saktan, sabihing ang klase kong ito’y hindi mo ipagseselos, palalamunin mo ko’t tapos na ang lahat ng pagdaramdam.”

“Naku,” parang nabubuwisit na sagot ni Alma, “lahat na lamang ay binibigyan mo ng kahulugan.”
“Aba’y sino ba sa’tin ang nagbibigay ng kahulugan sa wala, aber?”
“Ikaw.”

“Di ba imbetiga mo sa ’kin sa *lobby* kanina, di ba sabi mo, kaya pumutok ang kilay ko’y dahil nag-away kami ni Flor.”

“Flor pala ang pangalan,” wika ni Alma.

Nagtabi sila sa upuang marmol sa ilalim ng mataas, at malaking puno ng akasya sa isang sulok ng malawak na bakuran ng pamantasan. Dumidilim na. nakasindi na ang mga ilaw sa mga kuwartong aralan.

“Bakit ka nagsinungaling pa?” tanong ni Alma. “At bakit mo naman ako pagsisinungalingan?”

Nagkibit-balikat si Victor. Hindi rin niya malaman kung bakit nga niya pinagsinungalingan pa si Alma. Ipinaliwanag ni Alma kung paano niya nalamang kasama niya, ni Victor, si Flor noong Sabado kaya hindi nakarating agad. Ginamit pa ni Alma ang salitang ginamit ni Nick tungkol kay Flor. *Beautiful na beautiful.* Magandang-maganda raw si Flor.

“Kung ganoon,” nasabi ni Victor, “dalawang bagay ang dapat ipaliwanag sa’yo. Si Flor at ito.” Itinuro ni Victor ang kaniyang putok na kilay.

“Aba, kung ayaw mo, huwag!” sansala ni Alma at saka nagbibirong salita. “Hindi kita pinipilit. Sino naman akong dapat mong pagpaliwanagan?”

“Mabuti na ang malinaw kaysa malabo,” sagot ni Victor. “Ano’ng malay ko, baka balang araw isurot ma sa akin at sukat ang tungkol kay Flor o kaya’y … patulan mo ko, saka-sakali…”

“O, ikaw naman,” tudyo ni Victor. “Ang totoo’y sabik na sabik ka na. kunwari pa ‘to…”

“Victor!” parang nangangaral na wika ni Alma. “Ayoko ng ganyan. Ginugulo lagi ang usapan.”

Hindi na nagbiro si Victor.

Naging magaan para kay Victor ang magtapat kay Alma tungkol kay Flor. Kamalian man yata, kapag si Flor na ang kanyang maaalala, ang unang pumapasok sa ulo niya’y ang magaganda nilang pangarap. Kinitil ang mga pangarap na iyon ng isang pagtatalusirang naglangkap ng isang makamandag na kasiphayuan.

“Kapag naunawaan mo na pala ang isang bagay,” wika ni Victor, “kapag nawatasan mo na kung bakit ganoo’t ganito ang isang nilalang, babaguhin mo ang dati mong akala. Pati na’ng iyong sarili’y para mo na ring natuklasan.”

"Ibig mong sabihin," usisa ni Alma, "hindi ka nagdaramdam sa ginawa niya?"

"Nagdamdam? Aba, oo! Sagot ni Victor. "Sa simula, kasi naman ang sama-sama ng loob ko. Nguni't iyon ay dahil sa hindi ko pa nauunawaan kung bakit siya nagkagayon. Kung bakit niya tinalikuran, wika nga, ang aming mga kuwan." At tumawa si Victor.
"Sa kabila ng…?" hindi maituloy ni Alma ang kaniyang sasabihin.
Alam ni Victor ang ibig sabihin ni Alma. Wala siyang inilihim tungkol sa kanilang dalawa ni Flor. Gayunma'y pinili niyang mabuti ang kaniyang ginamit sa salita: *pagnanasang maging iisa, makilala ang kani-kanilang sarili, matagpuan ang sarili sa isa't isa… malayang pag-uulayaw… ganoon ang mga pariralang ginamit ni Victor.*

"Kung may nangyari. Ewan ko," wika ni Victor na natawa pa. "Balita ko, kapag tatay na ang isip na ang isang tao, hanapbuhay na lamang ang inaasikaso. Lalo na sa Tundo."

"Ano ang gagawin mo?" tanong ni Alma.

"Tulungan siya," walang gatol na tugon ni Victor.

"Kahit na, kahit ka niya…?"

Tumango si Victor, at saka nagsalita. "Nauunawaan ko na siya. Tapos na. Siya'y taga-Tundo. Ibig niyang makalayo sa estero; nakita niya ang paraan, tao lamang siyang mayroong mga kahinaan. Ang ngayon ang kaibahan ko sa kanya, maliban sa paniniwala kong kaya lamang magiging matagumpay ang aking paglayo sa aming kapaligiran ay kung mailalayo ko rin ang ibang katulad ko, at hindi ang sarili ko lamang. Ewan ko, pero nagtitiwala akong ang Tundo man ay may langit din. Iyon ang aking haharapin. Hindi lamang para sa aking sarili."

"At kung mabigo ka?" tanong ni Alma.

"May diperensiya ako kung ganoon," sagot ni Victor. "Kailangang malaman ko kung ano, tapos ay kayod na naman, mag-umpisa na naman."

"At kung mabigo ka na naman?" ulit ni Alma.

"Teka nga muna," baling ni Victor kay Alma at tiningnan niya itong mabuti bago magpatuloy sa pagsasalita, "palagay mo kaya'y mabibigo?. Tapatin mo ako, sabihin mo sa 'kin kung bakit. Palagay mo kaya'y mabibigo ako?"

Umiiling-iling si Alma.

"Hanga ka sa akin, ano?" nagbibirong isip mo'y nagmamagaling na sabi ni Victor.

"Yabang lang," wika ni Almang napatawa't wala sa loob ay umambang papaluin si Victor.

Umilag kunwari si Victor at inilayo ang ulo. "Baka mo tamaan ang aking sugat," wika niya.

"Masakit pa ba?" tanong ni Alma. "Ano ba talaga ng nangyari?"

“Hindi ko na napigilan si Lukas,” sagot ni Victor. “Aba’y sumagupa ba namang nag-iisa. Ano’ng magagawa ko kundi sumabak na rin. Biruin mo, apat.”

“Di bale, sanay ka naman sa kuwan, sa bakbakan,” wika ni Almang noon lamang narinig ni Victor na gumamit ng salitang lansangan, *bakbakan.*
Natawa si Victor sa pagkakagamit ng salitang iyon ni Alma. Iba ang tunog niyon sa pagkakasalita ni Alma. Para siyang dayuhang gumamit ng salitang hindi kanya.

“Nahahawa ka na yata sa’kin,” wika ni Victor. “Talagang hanga ka sa ’kin ayaw mo lang aminin.”

“Tumigil ka nga r’yan,” wika ni Alma. Mabuti na lamang, naisip niya, dumidilim na, kung hindi’y baka napansin na ni Victor ang pamumula ng kaniyang mukha. Tiningnan niya sa liwanag ang ilaw sa mataas na posteng bakal sa may likod nila kung anong oras na sa relong panggalang niya. “Malapit na ang *time*,” paalala niya.

“Inilalayo mo naman ang usapan,” wika ni Victor kay Alma. “Sabihin mo na, hanga ka sa akin.”

“Hindi!” pakling-iiling-iling ni Alma.

At saka kanina, o,” paalaala ni Victor.

“O, ano naman ‘yon?” wika ni Almang inaayos ang kikipkiping mga sala.

“nagseselos ka kay Flor,” biro ni Victor, “di ba?”

Sumimangot si Alma. Halatang-halata ni Victor na pinipigil ni Alma ang pagtawa.

“Sumusobra ka na, Victor,” parang galit na wika ni Alma. Pero hindi rin niya napigilan ang kanyang pagtawa.

Nahawa si Victor sa tawa ni Alma. Lumalakad silang patungo sa gusali ng Liberal Arts. Ang susunod nilang klase ay *Philippine History*, ang kanilang *major subject.* Iyon ang pinagdadalubhasaan nila ni Alma, ang kasaysayan ng Pilipinas. Iyon, balang araw, ay kanilang ituturo sa mga Kastila.

“Nakapag-aral ka ba ng *El Fili*?” tanong ni Alma. Ipinababasa iyon ng kanilang propesor bilang tulong sa pag-aaral tungkol sa panahon bago dumating ang himagsikan sa Pilipinas laban sa mga Kastila.

“Kahit makirot ang kilay ko, nagbasa ako kahapon,” sabi ni Victor. “Ikaw ba, hindi? Ilang araw sa ’yo ang libro, di ka nagbasa, o nakalimutan mo na?”

“May *notes* ako. Sabi ni Alma,” pero hindi ko na-*review* kahapon.”

“Nanood ka siguro ng sine,” sabi ni Victor, “o may *party* kang pinuntahan.”

Umiling si Alma.

"A, alam ko na!" natatawang wika ni Victor na nanghuhula't nagbibiro. Alam ko na kung bakit di ka nakapag-aral."

Tumingin si Alma kay Victor. "Bakit?"

"Iniisip mo kasi kung sino ang sinabi ni Nick na kasama ko noong Sabado. Nagseselos ka!" tudyo uli ni Victor.
"Sige na nga, nagseselos kung nagseselos!" kunwari'y nayamot nguni't tumatawang sagot ni Alma. "Hanga naman ako sa'yo, oo!"

"Hayan, ha, inamin mo na," paalala ni Victor.

"Inamin ang ano?"

"Na hanga ka sa akin!" nagtatawang sagot ni Victor.

Biglang huminto si Alma sa paglalakad. "Victor!" wika niyang humarap kay Victor at saka pumadyak. Nanlisik ang mga mata ni Alma.

Nasiyahan ka ba sa iyong nabasa? Marahil nadala ka rin ng emosyong naghari sa mga tauhan sa akda.

Kung inunawa mong mabuti ang nobela, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Upang masagutan mo ang mga gawain, unawain mong mabuti ang mga panuto.

Ang unang gawain ay tungkol sa pagpili ng mga salitang nagtataglay ng pahiwatig. Handa ka na ba? Simulan mo na.

**3. Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Angkupan mo ng kahulugan at halimbawa ang mga salitang nagtataglay ng pahiwatig. Piliin mo sa kabilang pahina ang titik ng tamang sagot.

| Salita | Kahulugan | Gamit sa akda |
|---|---|---|
| 1. nagkibit-balikat | 1. | 1. |
| 2. nagngitngit | 2. | 2. |
| 3. pagtatalusira | 3. | 3. |

Mga Pagpipilian para sa kahulugan:

a. tagong galit
b. nagulat

c. di pinansin
d. natawa
e. nagtaksil

para sa gamit sa akda:

a. Nagngitngit sa sariling sumunod si Alma
b. Nagkibit-balikat si Victor
c. Kinitil ang mga pangarap na iyon ng pagtatalusira ni Flor
d. Si Nick ang nagngingitngit na kapatid ni Minnie
e. Pati si Monching nagkibit-balikat na lang

Madali lamang hindi ba? Iwasto mong muli ang iyong mga sagot.

| |
|---|
| Madali lamang makilala ang teoryang romantisismo. Inspirasyon ang tanging kasangkapan ng mga romantiko para mabatid ang nakakubling katotohanan, kabutihan at kagandahan. Pinaniniwalaan din nilang inspirasyon at imahinasyon ang tanging bumubuo sa pagiging totoo at maganda. |

Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Iuugnay mo sa iyong sarili ang damdaming nangibabaw sa pamamagitan ng dayalogo na ginamit sa loob ng kabanata. Isulat mo ang iyong sagot.

| Dayalogo | Sariling damdamin |
|---|---|
| 1. "Mabuti na ang malinaw kaysa malabo", sagot ni Victor. "Ano'ng malay ko, baka balang araw isurot mo sa akin ang tungkol kay Flor." | |

| | |
|---|---|
| 2. "Nagdamdam? Aba, oo!" sagot ni Victor. "Sa simula, di kasi naman, ang sama-sama ng loob ko. Ngunit iyon ay dahil sa hindi ko pa nauunawaan kung bakit siya nagkagayon." | |

| | |
|---|---|
| 3. "Ano ngayon ang gagawin mo? tanong ni Alma.<br>4. "Tulungan siya", walang gatol na tugon ni Victor.<br>5. "Kahit na, kahit ka niya…?" | |

Naisulat mo ba ang mga sarili mong damdamin kaugnay ng dayalogo.

Ang teoryang pampanitikan na binigyang-diin sa nobelang "Ang Tundo Man ay May Langit Din" ay teoryang romantisismo.

Handa ka na bang sagutan ang susunod na gawain. Isaalang-alang mo ang iyong natutuhan. Masasagot mo iyan. Subukin mo.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Alin sa sumusunod na mga pahayag ang nagbigay ng pagbabago sa damdamin, paniniwala at kalagayan. Isulat mo ang iyong piniling sagot.

| Pahayag | Nagbibigay ng Pagbabago sa – |
|---|---|
| "Kahit kailan, kapag si Flor na ang pinag-uusapan, ang unang pumapasok sa kanyang isipan ay ang magandang alaala. Kinikitil ng mga pangarap na iyon ang pagtatalusirang natanggap ng isang makamandag na kasiphayuan." | 1. |

| | |
|---|---|
| "Ano ang kaibhan ko sa kanya, maliban sa paniniwala kong kaya lamang magiging matagumpay ang aming paglayo sa aming kapaligiran ay kung mailalayo ko rin ang ibang katulad ko at hindi sa sarili ko lamang." | 2. |

| | |
|---|---|
| "Nagtitiwala akong ang Tundo man ay may langit din. Iyon ang aking hahanapin. Hindi lamang para sa aking sarili." | 3. |

Panuto: Sipiin mo mula sa akda ang pagpapakita ng magandang pananaw sa buhay ng tauhan sa kabila ng kanyang kalagayan. Ang iyong sisipiin ay binubuo ng dalawa lamang salita na sinabi ni Victor.

4. "_____________ ____________", walang gatol na tugon ni Victor. Kahit siya'y nagtalusira tutulungan pa rin ni Victor si Flor.

5. Minahal ni Victor si Flor ngunit nagtalusira pa rin ito sa kanilang sumpaan. Ganoon pa man handa pa rin si Victor, ang dating kasintahan. Piliin mo ang angkop na sagot na nagpapatunay ng pagkatao ni Victor.

a. may pagpapahalaga sa kapwa
b. sumira sa sumpaan

c. lumimot sa usapan
d. nagwalang-bahala sa sinabi

Nasuri mo ba ang kabanata sa pamamagitan ng teoryang romantisismo? Itsek mo nga ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng Susi sa Pagwawasto. Tama ka bang lahat?

**4. Palalimin mo…**

Anu-ano sa palagay mo ang nabago sa iyo matapos mong mabasa ang aralin.


Panuto: Lagyan ng tsek (/) kung ito ay tumutugon sa mga pagbabagong naganap sa iyo.

1. Di ako nawawalan ng pag-asa sa buhay.
2. Nagkaroon ako ng ideya kung paano pakitunguhan ang taong nagkasala sa akin.
3. Nagkaroon ako ng interes magbasa ng nobela.
4. Naging maganda ang pananaw ko sa buhay.
5. Alam ko na magana ang hangarin ni Victor sa pagtulong.
6. Natutuwa ako sa pagiging maunawain ni Alma.
7. Natutuhan ko na sa Tundo man ay may langit din.

Tiyak na maraming nabago sa iyong buhay. Tama bang lahat ang iyong sagot? Iwasto mo na ito sa pamamagitan ng Susi sa Pagwawasto na iyong kukunin sa iyong guro.

**5. Gamitin mo…**

Panuto: Dugtungan mo ang sumusunod upang makabuo ng kaisipan. Isulat mo ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.




1. ______________________________
______________________________

2. ______________________________

______________________________

Hindi pawang kaligayahan ang makakamit mula sa pag-ibig kaya

3. ______________________________
______________________________

4. ______________________________
______________________________

May iba't ibang uri ng pag-ibig: may tapat, may mapag-imbot, kaya

Tama ba ang iyong mga sagot? Hingin mo muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Alam kong ginagawa mong lahat ang iyong magagawa para masagutan ang bawat gawain.

Ngayon naman ay susulat ka. Madali lang ito. Tiyak na magugustuhan mo ang paksa. Simulan mo na.

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Susulat ka ng dayalogo batay sa pahayag na mula sa akda.

Pahayag na mula sa akda.

Sa simula, ang sama-sama ng loob ni Victor. Ngunit iyon ay dahil sa hindi pa niya nauunawaan kung bakit siya nagkaganoon. Kung bakit siya tinalikuran ni Flor?

Victor: "______________________________________
______________________________________"

Alma: "_______________________________________
_______________________________________"

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Piliin at isulat mo sa iyong sagutang papel ang mga bilang na tumutugon sa mga natutuhan mo sa aralin.

_____1. natutuhan ko ang pagsusuri ng nobela ayon sa damdamin at paniniwala ng mga tauhan.

_____ 2. nakapagbigay-kahulugan sa mga pahayag na nagtataglay ng pahiwatig

_____ 3. kaalaman sa teoryang romantisismo

_____ 4. nakasulat ng dayalogo batay sa napiling pahayag sa akda

_____ 5. pagiging mabuting magkaibigan

_____ 6. kaalaman sa pagbuo ng kaisipang hango sa akda

_____ 7. paghanga sa tauhang si Victor

_____ 8. pagpapahalaga pa rin sa kapwa kahit may pagkakasala

_____ 9. pagkakabatid na sa Tundo man ay may langit din

_____ 10. pag-iisip bago isagawa ang isang bagay

_____ 11. katapatan sa lahat ng pagkakataon

_____ 12. pagsunod sa magulang

Nadalian ka ba sa natapos mong gawain? Alam kong nakaya mong sagutin ang mga ito. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto para maiwasto ang iyong mga sagot.

Susukat muli sa iyong mga natutuhan sa araling tinalakay ang susunod na gawain. Unawain mo itong mabuti. Simulan mo na.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang mga pangungusap. Piliin ang tamang sagot.

1. Kahit nahihirapang mamuhay ang bawat mamamayang Pilipino, nagkikibit-balikat na lamang sila. Ang kahulugan ng may salungguhit ay…
    a. itinaas sa balikat
    b. di pinansin
    c. pinabayaan
    d. inalis sa isipan

2. Nagngitngit ang mga nawalan ng hanapbuhay kaya labis-labis na kahirapan ang dinaranas nila. Kapag ang isang tao ay nagngitngit siya ay -
    a. kinakalaban
    b. may tagong galit
    c. nagdadalamhati
    d. nagsisisigaw

3. Kahit may pagkakaunawaan na sina Victor at Flor, nagtalusira ang babae sa sumpaan.
    a. nagtaksil
    b. lumayas
    c. nagsinungaling
    d. nangibang- lugar

4. Ang damdaming naghari sa dayalogong, "Mabuti na ang malinaw kaysa malabo. Baka balang araw ay isumbat mo lahat sa akin." ay -
    a. pag-aalinlangan
    b. pag-asa
    c. pag-aalala
    d. pampalubag

5. "Nagdamdam ako sa simula dahil di ko alam ang dahilan ngunit, ngayon naunawaan ko na lahat." Ang damdaming nais iparating sa iyo ng pahayag ay -
    a. pag-aalinlanganan
    b. pagdaramdam
    c. pagkasuklam
    d. pang-unawa

6. "Tutulungan ko pa rin siya." Kung bibigyan mo ng kahulugan ang damdaming naghari sa pahayag, ito ay damdaming may -
    a. pagkaawa
    b. pagtulong
    c. pagdadalamhati
    d. pag-unawa

Panuto: Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagbigay ng pagbabago sa damdamin, paniniwala at kalagayan. Piliin mo mula sa tatlong salita na may salungguhit sa panuto ang angkop sa pahayag.

7. “Kahit kailan, kapag si Flor na ang pinag-usapan, ang unang pumapasok sa kanyang isipan ay ang magandang alaala.”

8. “…naniniwala ako na magiging matagumpay ang aming paglayo sa aming kapaligiran…”

9. “Nagtitiwala ako na ang Tundo man ay may langit din.”

Panuto: Piliin mo ang angkop na dayalogo na tumutugon sa sumusunod na gawi ng tauhan sa akda. Titik lamang ang isulat.

10. pagmamalasakit

Mga dayalogong pagpipilian:
a. “Tutulungan ko siya!”
b. “Kahit siya nagtalusira, inuunawa ko na siya.”
c. “Di sila dapat hamakin, sa Tundo man ay may langit din.”

Kung ang nakuha mong iskor ay 7-10, maaari ka nang tumungo sa susunod na aralin. Kung 6 pababa, isagawa mo pa ang susunod na gawain.

**9. Paunlarin mo…**

Panuto: Sumulat ka ng dayalogo batay sa napiling pahayag mula sa akdang tinalakay.

| Napiling pahayag mula sa akda |
| --- |
| |

| Dayalogo batay sa pahayag |
| --- |
| |

# ARALIN 2: Timawa

### *Anu-ano ang mga tiyak na matututunan mo?*

1. Napipili ang mga salitang higit sa isang kahulugan

2. Natutukoy ang bisa ng akda sa sarili/lipunan

3. Nasusuri ang nobela batay sa teoryang eksistensyalismo


4. Nasasabi ang epekto ng akda sa mambabasa

5. Nakasusulat ng isang talatang nagsasalaysay

## *Mga Gawain sa Pagkatuto*

**1. Alamin mo…**

Panuto: Itala mo ang mga kadahilanan o sanhi ng tinutukoy na salita sa dayagram.




Nasagutan mo ba ang gawain? Kayang-kaya mo hindi ba? Iwasto mo na ang mga sagot mo.

**2. Basahin mo…**

Sa babasahin mong isang kabanata ng nobela, tiyak kong marami kang matututunan na makatutulong upang lumawak ang iyong kaalaman.

Ngayon, babasa ka ng isang nobela na sa palagay ko ay maiibigan mo. Unawain mo itong mabuti sapagkat ang mga susunod na gawain ay batay sa iyong babasahin. Simulan mo na.

**TIMAWA**
**(Kabanata 1)**
Ni Agustin Fabian

Sabado noon at mag-iika-pito ng gabi. Si Andres Talon, na isang mahirap na estudyante, ay kasalukuyang naghuhugas ng mga pinggang kinanan sa *ladies dormitory,* sa isang unibersidad sa Amerika. Ito lamang ang paraan upang makapagtuloy siya ng pag-aaral sa kolehiyo ng medisina. Nakatali sa kanyang baywang ang isang tapi at nakalilis ang mga manggas ng kanyang kamisadentro. Nangingintab sa pawis ang kanyang kayumangging mukha. Ang bula sa sabong nakabalot sa kanyang mga matipunong bisig ay umabot sa siko.

At isinalaysay ni Andres na, wika nga, ay palagay ang loob niya sa kusina. Labing-anim na taon siya nang mamatay ang kanyang ama at lubusang maulila. Katatapos lamang niya ng intermedya. May kamag-anak naman siyang isang kusinero sa isang bapor na nagyayao't dito sa Amerika at sa Pilipinas. Sumama siya.

"At anim na buwang singkad akong tagapagmasahe ng mga pinggan, kubyertos, at mga lutuan sa bapor. Kaya hindi kayo dapat magtaka na ako'y eksperto sa mga gawaing iyan", tapos ni Andres.

"Usisera ka rin lamang, Alice", ang biro naman ni Bill, "ang mabuti, itanong mo kay Andres kung anu-ano ang naging karanasan niya dito sa Amerika."

"Sige nga," sang-ayon kapagdaka ni Alice. "Linggo rin lamang bukas. Hindi baleng tayo'y mapuyat."

"Alam niyo", ani Andres na nagpapahid na ng kamay, "ako ay may pagkahampaslupa."

"Teka, teka", hadlang ni Bill. "Ilalabas ko muna itong basura. Ibig kong marinig uli iyan."

Nang bumalik si Bill ay nakaupo na si Alice at Andres. Bumatak siya ng isang silya at nakiumpok sa dalawa.

"Ngayon, simulan mo na", sabi ni Bill na humilig mabuti sa kaniyang upuan.

"Saan ninyo ako gustong magsimula?"

"Nang dumating ka dito sa Amerika", tugon ni Alice.

Sa San Francisco bumaba si Andres at ang paghuhugas ng pinggan ang unang naging hanapbuhay. Naging manggagawa sa iba't ibang bayan ng California. Namitas ng mansanas sa Oregon at Washington. Dalanghita sa Florida. Lalo na raw siyang umitim sa taniman ng kamatis, letsugas, repolyo, at iba pang gulay. Naging serbidor sa mga restawran. Naging utusan. Naglingkod sa salmunan sa Alaska. Nagpatag ng bato sa daang-tren sa Nevada.

"Alin sa mga karanasan mo ang bumago sa takbo ng iyong buhay?" tanong ng dalagang Amerikano.

Hindi kaagad tumugon si Andres. Tila tinitimbang niya sa marami niyang karanasan ang pinakatampok. Ang totoo ay nag-aalangan si Andres na sariwain pa ang malungkot na bahagi ng kanyang buhay.

“Halimbawa”, untag ni Alice, “bakit mo naisipan ang mag-aral? Bakit mo iniwan ang paglalagalag?”

“Hindi nangyari sa Amerika ang karanasang bumago sa takbo ng aking buhay,” sa wakas ay sinabi ni Andres. “Doon sa amin sa Pilipinas nangyari ito.”

“Paano?” sabat ni Bill.

“Magsasaka ang aking ama. May isang kaugalian sa amin”, patuloy ni Andres. “Kung pista ng bayan, ang lahat ng magsasaka ay pumaparoon sa malaking bahay ng may-ari ng lupa at tumutulong sa karaniwang malaking handaan doon. Nagsisipagsaing, nagsisibak ng panggatong. Nagpapatay ng manok, baboy, kambing, at baka. Sabihin pa, ang lahat ng tumulong ay doon kakain.

“At isang pista nga ay isinama ako ng aking ama upang tumulong sa may-ari ng lupang aming sinasaka. May labintatlong gulang ako. Nang nagkakainan na ang mga nanunulungan ay dumating ang donyang asawa ng aming kasama, at pinagmumura ang mga nagsisikain. Hindi pa raw natatapos kumain ang mga panauhin sa itaas ay inuuna na raw ang aming mga bituka. Lubha raw kaming mga *timawa.*

“Hindi ko agad naunawaan ang aking narinig,” patuloy ni Andres. “Noong papauwi na lamang kami at sabihin sa akin ni Amang ang kaniyang pagdaramdam, noon ko lamang lubos na naunawaan ang kahulugan ng salitang timawa.

Sinabi sa akin ni Ama na pagbutihin ko ang aking pag-aaral upang wag kong sapitin ang kaapihang ganoon. Kung ako raw ay lalaking magsasaka at hindi akin ang sasakahing lupa, ay ganoon din ang aking kapalaran. Aalimurain ng mayaman. Ang isang *timawa,* ay higit na pangit kaysa gutom. Ang timawa raw ay kahalintulad ng isang aso. Sagpang nang sagpang. Huwag daw akong mag-aksaya ng panahon. Gagawin niyang lahat ang kanyang makakaya upang ako matuto.”

“Kay buti ng iyong ama”, ani Alice.

“Halos ang gabi ay ginagawa niyang araw,” dugtong pa ni Andres. “Ibig niyang makaipon. Ang adhika niya ay maging isang manggagamot ako.”

Huminto muna si Andres sa kaniyang pagsasalaysay. Nakatingin siya sa malayo na waring nakikitang muli ang kanyang ama. At pagkatapos ng ilang sandali ay napatuloy na naman sa pagsasalita.

“At nang ako ay nakatapos sa intermedya ay gayon na lamang ang galak niya. Ngunit ang humalili sa kagalakang iyan ay malagim na kalungkutan. Si ama’y inabutan ng ulan sa tanghaling siya ay nagbubungkal ng lupa. Nagkasakit siya. Pulmunya. At . . . at . . . namatay.”

Dinampi ni Alice ang kaniyang mata ng hawak niyang panyolito. Tumindig si Bill. Lumapit kay Andres at pinisil ang balikat ng kaibigang Pilipino.

“Maupo ka, Bill”, sabi ni Andres. “Hindi pa ako natatapos.”

Naupong muli si Bill, at muling nagsimula si Andres.

“Naubos na lahat ,” aniya, “ang kaunting naiipon ni Ama. Ulila na akong lubos ay wala pa ni isang sentimo. Subalit isinumpa ko sa aking sarili, sa harap ng bangkay ng aking ama, na ako ay pilit na mag-aaral, at ako ay magiging manggagamot. Hahanapin kong pilit ang tagumpay na siyang adhika niyang maging akin.”

Maluwat ring walang umimik matapos ang pagsasalaysay ni Andres. Nadama ni Bill at ni Alice ang malaking kalungkutan ni Andres. Sa wakas ay nagsalita si Alice.

“Nauunawaan kita ngayon,” paikli ni Bill.

“Bakit? Ako ba ay naging isang hiwaga sa inyo? Tanong ni Andres at wala na sa kanyang tinig ang pagdaramdam at kalungkutan.

“Oo, isang hiwaga ka sa akin,” tugon ni Alice. “Alam kong ikaw ay isang mabuting tao. Masipag ka. Matalino. Magalang. Nguni’t tila ayaw mong makihalubilo sa iba. Tila ayaw mong ikaw ay maabala. Ibinubukod mo ang iyong sarili. Tila may lihim kang lakad at ang lahat ng nasa paligid mo’y makaaabala sa iyo.”

“Napapansin ko nga ,” tudyo na naman ni Bill, “na maluwat mo nang sinusubaybayan si Andy.”

“Ano ang masama riyan?” tanong ng dalaga. “Maluwat na nating kasama si Andy. Wari ay malayo siya. Gayung kay lapit ay kay layo. Mayroon ba namin gayung araw-araw ay nagkakabungguan-balikat ay di mo matawag na kapalagayang-loob?”

“Lumalabas pa yatang malaking tao ako?” tanong ng Pilipino.

“O kaya’y dungo naman,” sundot ni Bill.

“Hindi malaking tao o dungo ang ibig kong sabihin,” paliwanang ni Alice. “May anyo si Andy na nag-uudyok sa nagmamalas na mataho kung ano siya, pinipigil ang nagmamalas na iyan naman ng isang hindi maunawang kilos ni Andy. Tila hindi mahalaga kay Andy ang magkaroon ng maraming kapalagayang-loob.”

“Pinalalaki mo ang loob ko, Alice,” dampot ni Andres. “Diyata’t ako ang pinag-aaksayahan mo ng kuru-kuro?”

“Hindi biro. Lagi kong naitatanong sa aking sarili kung bakit ibinubukod mo ang iyong sarili sa karamihan.”

“Ang karanasan ang nagturo sa akin niyan. Ang madalas na mauntog ay natututong yumuko.”

“Naku, lumalalim ang salitaan at hindi bumababaw,” hadlang ni Bill. “Ang totoo, Andy, ay ito: walang alinlangan mararating mo ang iyong patutunguhan. Ngunit mag-aliw-aliw ka naman. Mag-iibayo ang sigla mo kung sanda-sandali man lamang ay ilalayo mo ang iyong ilong sa iyong

libro. Maaari ba namang ang isang malusog na gaya mo ay ay hindi maaakit ng mga dalaga? Hayan si Alice . . . 'yang gandang 'yan . . ."

"Bakit ba si Alice ang binubuwisit mo?" hadlang ni Andres. "Kahit na sa biruan ay may hangganan."

"Tigilan mo na si Andy," pakli ng dalaga. "At huwag mo naman akong pag-ukulan. Ano ang malay mo kung si Andy mayroon nang itinatago," at tumawa si Alice.

"May itinatago si Andy?" pamanghang sabi ni Bill. "Walang maitatago sa akin iyan. Iyan ang tinatawag na nauuhaw at ayaw makikiinom."

"At kung tanggihan ang nakikiinom?" tanong ni Andres.

"Natatakot kang tanggihan kung ganoon. E, paano malalaman kung tatanggihan ka o kung hindi?" nakatawang tanong ni Alice.

Tumindig na bigla si Andres.

"Hatinggabi na, Bill", aniya. "Mapupuyat na lubha si Alice.

"Hayan ang sinasabi ko," pakutyang pakli ni Bill,"ang magaling na kaibigan kong Pilipino ay takbuhin. Ngayon pa lamang sumasarap ang usapan," tudyo niya, "ay saka pa tatalilis. Tayo na. Walang mangyayari sa akin kung ang manok ko ay takbuhin."

Naunang lumabas si Bill. Nagsuot si Andres ng kanyang amerikana at sumunod sa kaibigan. Inihatid siya ni Alice hanggang sa pintuang may kadiliman noon dahil sa bahagya nang abutin ng liwanag ng ilaw.

"Aalis na kami, Alice. At maraming salamat sa iyong kagandahang-loob," paalam ni Andres. "Hindi pangkaraniwang gabi ito sa gabi.

Naramdaman na lamang ni Andres ang halik ni Alice sa kanyang pisngi . . .

Nasiyahan ka ba sa iyong binasa? Naramdaman mo ba ang emosyong ipinadama ng mga tauhan ng akda?

Kung binasa at inuunawa mong mabuti ang nobela, masasagutan mo ang mga gawaing inihanda ko para sa iyo. Unawain mong mabuti ang bawat panuto sa mga gawain. Huwag kang mag-alala, madali lang ito.

Ang unang gawain ay pagpapaliwanag sa mga salitang may higit sa isang salitang kahulugan.

3. **Linangin mo…**

**a. Pagsusuring Panlinggwistika**

Panuto: Isulat mo sa hanay ang kahulugan ng mga salitang mula sa akda. Gamitin mo ang iyong sagutang papel.

(1) TIMAWA

____________________

____________________

____________________

(2) HAMPASLUPA

____________________

____________________

____________________

(3) PAGLALAGALAG

____________________

____________________

____________________

Mga Pagpipilian:

mahirap
saan-saan nagpunta
walang hanapbuhay
naglibot
patay-gutom
palabuy-laboy
nakipagsapalaran
istambay
walang makain

Naibigan mo ba ang iyong binasa? Tiyak na mawiwili kang isagawa ang mga gawain. Batay ang mga ito sa iyong nabasa.

Handa ka na bang gawin ang susunod na gawain? Pagbutihin mo!

**b. Pagsusuring Pangnilalaman**

Panuto: Tukuyin mo kung ang bisa ng akda ay sa sarili o sa lipunan batay sa pahayag. Isulat mo ang S kung ang bisa ay sa sarili at L kung ang bisa ay sa lipunan.

_____ 1. Hindi nangyari sa Amerika ang karanasang bumago sa takbo ng buhay ni Andres kundi dito sa Pilipinas.

_____ 2. Mag-aral kang mabuti para huwag mong sapitin ang ganoon at tawagin kang timawa.

_____ 3. Halos ang gabi ay ginagawang araw ng ama ni Andres. Ibig niyang makaipon at maging manggagamot ang anak.

_____ 4. Tumigil si Andres sa paglalagalag nang maisipang mag-aral.
_____ 5. Di na nais ni Andres na maragdagan pa ang mga hampaslupang naglipana sa lansangan

Nadalian ka ba sa katatapos na gawain. Iwasto mong muli ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng Susi sa Pagwawasto.

| |
|---|
| Kalayaan at awtentiko.Alam mo ba na ito ang mga tanging nais kilalanin ng eksistensyalismo? Sa pananaw na ito kitang-kita ng tao ang proseso ng pagiging tao at hindi pagkakaroon ng tamang sistema ng paniniwala ang pinahalagahan ng tao upang mabuhay. Walang tiyak na simulain ang eksistensyalismo.Maihahambing din ito sa modernismo dahil nagpipilit itong magwasak ng kasaysayan.Maihahambing din ito sa romantisismo dahil sa mahilig ito sa paghanap ng tunay na paraan ng pagpapahayag o ekspresyon. |

Handa ka na bang sagutin ang susunod na gawain? Isaalang-alang mo ang natututunan. Simulan mo na ang gawain.

Kanina'y nailapat mo ang bisa ng akda sa iyong sarili at sa lipunang iyong ginagalawan. Napahalagahan mo ito at nakatulong sa iyo upang masagot mo ang gawain sa pagsusuring pangnilalaman.

Ngayon, higit na madaragdagan pa ang iyong kaalaman. Higit mong mapahahalagahan at mauunawaang mabuti ang isang akda kung alam mo ang mga ideyang makapagpapaliwanag ukol dito. Bibigyang-diin ang teoryang eksistensyalismo sa araling tinalakay na pinamagatang "Timawa". Marami ka ng alam ngunit may ilan pa ring bagay na dapat mong malaman ukol dito.

**c. Pagsusuring Pampanitikan**

Panuto: Lagyan mo ng tsek ang pahayag na nagpapakita ng kalakasan/kapangyarihan ng pangunahing tauhan.

_________ 1. Kahit ulila nang lubos hinangad pa rin ni Andres ang maging manggagamot.

_________ 2. Nagsawa sa paglalagalag, at muling nag-aral.

_________ 3. Namasukan bilang tagahugas ng pinggan, makapag-aral lang.

_________ 4. Karanasan niya dito sa Maynila ang nagpabago ng takbo ng kanyang buhay.

_________ 5. May tiwala sa sarili si Andres na balang-araw siya'y magiging isang manggagamot.

Madali mo bang nakilala ang teoryang eksistensyalismo na ipinakita sa taglay na kalakasan/kapangyarihan ng pangunahing tauhan.? Itsek mo kung tamang lahat ang sagot mo. Hiramin mo ang Susi sa Pagwawasto.

**4. Palalimin mo…**

Panuto: Piliin mo ang mga bilang na tumutugon sa mga pagbabagong naganap sa iyo.

1. Naging maganda ang panuntunan ko sa buhay.
2. Nagkaroon ako ng interes na magbasa ng katulad na paksa ng nobela.
3. Napag-isip-isip ko na dapat kong pahalagahan ang bawat sentimong ginagasta ng magulang ko sa aking pag-aaral.
4. Napatunayan ko na masuwerte ako na may pampaaral pa ang aking magulang sa akin.
5. Naging magandang halimbawa sa akin ang kasaysayan ni Andres.


Tiyak na maraming nabago sa iyo. Tama bang lahat ang iyong mga sagot. Iwasto mong muli sa pamamagitan ng Susi sa Pagwawasto.

**5. Gamitin mo…**

Anu-ano sa palagay mo ang nabago sa iyo matapos mabasa ang aralin?

Panuto: Piliin mo sa ibaba at isulat ang titik lamang ng mga detalye ng pangyayari sa akda na nagpapatunay ng pangunahing kaisipang napapaloob dito.

Pangunahing Kaisipan




Mga pagpipiliang detalye:

a. Ginawang araw ang gabi kumita lang ang ama ng salaping pampaaral sa anak

b. Sumama sa amain sa pagbabarko para mabago ang takbo ng buhay

c. Naglagalag nang walang dahilan

d. Kahit tagahugas ng pinggan sa Amerika ay pinasok upang makatapos ng medisina

e. Pinangatawanan ang pag-aaral upang maabot ang pinangarap ng namayapang ama.

Kung naunawaan mong mabuti ang aralin, tiyak na tamang lahat ang iyong mga sagot sa gawain. Iwasto mo muli ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Nahirapan ka ba sa mga nauna mong gawain? Alam ko na pinagsusumikapan mong makayang sagutin ang mga gawain.

Susulat ka naman ngayon ng isang pagsasalaysay. Magugustuhan mo ito, hango pa rin ang paksa sa akdang tinalakay. Handa ka na ba?

**6. Sulatin mo…**

Panuto: Sumulat ka ng isang talatang nagsasalaysay. Ang paksa ay tungkol sa kahirapan ng buhay.

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

Marahil kilalang-kilala mo ang taong binanggit mo sa iyong sinulat kaya madali kang nakabuo ng isang talatang nagsasalaysay.

**7. Lagumin mo…**

Panuto: Lagyan mo ng tsek (/) ang mga bilang sa iyong sagutang papel kung inaakala mong tumutugon sa mga natutuhan mo.

1. Mga salitang higit sa isang kahulugan
2. Pagtukoy sa bisa ng akda sa sarili/lipunan
3. Pagsusuri sa nobelang nasa teoryang eksistensyalismo
4. Mabuting epekto ng akda na mailalapat sa tunay na buhay
5. Pagsusumikap sa buhay
6. Pagmamahal sa magulang
7. Wastong pakikitungo sa kaibigan
8. Paglilingkod ng tapat
9. Pagiging mabuting anak
10. Pagkilala sa malasakit ng magulang

11. Paghahangad na makaahon sa kahirapan

12. Pagtupad sa pinangarap ng ama

Madali ba para sa iyo ang natapos na gawain? Alam kong kayang-kaya mong saguting lahat ang mga ito. Hiramin mong muli sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto.

Ang susunod na gawain ang susukat muli sa iyong natutuhan sa araling tinalakay. Unawain mong mabuti ang panuto. Simulan mo na.

**8. Subukin mo…**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang mga pangungusap. Piliin mo ang titik ng may tamang sagot.

1. Ayon sa donyang pinaglilingkuran ng mag-ama, "Ang mga timawa ay nauna pang kumain kaysa sa ilang mga bisita. Ang kahulugan ng timawa ay ___
   a. nakatunganga
   b. may mababang sahod
   c. patay-gutom
   d. walang magawa

2. Sawa na siyang maglagalag kaya naisipang mamasukan at ipagpatuloy ang pag-aaral. Ang naglagalag ay nangangahulugang:
   a. saan-saan nagpunta
   b. lumipat ng tirahan
   c. nagliwaliw
   d. naglakbay

3. Ayaw niyang maging isang hampaslupa. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay -
   a. palabuy-laboy
   b. inihampas sa lupa
   c. may mga lupain
   d. walang patutunguhang direksyon

Panuto: Kung ang bisa ng akda ay sa sarili isulat ang S at kung sa lipunan isulat ang L.

_____ 4. Nabago ang takbo ng buhay ni Andres dahil sa kahirapan.

_____ 5. "Nag-aral ako dahil nais ng aking ama na ako'y maging manggagamot."

_____ 6. Di na nais ni Andres na maragdagan pa ang mga timawa.

Panuto: Lagyan mo ng tsek ang pahayag na nagpapakita ng kalakasan/kapangyarihan ng pangunahing tauhan.

7. Kahit ulila na ng lubos, tinupad pa rin ni Andres na maging manggagamot siya.

8. Nagsawa na siyang maglagalag at pinagsikapang makapag-aral.

9. Tutal timawa ang ama, ginaya na lang ito ni Andres.

Panuto: Sipiin mo ang salitang/pariralang tumutugon sa halagang pangkatauhan:

PAGTITIWALA SA SARILI

___ nagsikap umunlad
___ kayang mabuhay mag-isa
___ walang pag-asa
___ naghahanapbuhay at nag-aaral
___ umasa sa iba para mabuhay
___ batugan


Itsek mo muli ang iyong mga sagot sa pamamagitan ng Susi sa Pagwawasto. Marami ka bang tamang sagot? Kung ang iskor na nakuha mo ay 7 pataas, maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul. Kung 6 pababa, isagawa mo muli ang Paunlarin Mo….

**9. Paunlarin mo…**

Para marating mo ang pangarap na tagumpay, kailangang alam mo ang hakbang na iyong gagawin. Ang susunod na gawain ay inilaan para sa iyo, kung paano mo mapagsusunud-sunod ang mga hakbang para magtagumpay.

Panuto: Itala mo ang mga hakbang na iyong gagawin upang marating ang pangarap na tagumpay.

Ladder of Success



Step 1

## Gaano ka na kahusay?

Panuto: Piliin mo ang tamang sagot sa bawat pangungusap. Titik lamang ang iyong isulat sa iyong sagutang papel.

1. Maraming naglalagalag para hanapin ang magandang kapalaran. Ang ibig sabihin ng may salungguhit ay:
   a. nagpalabuy-laboy
   b. nangibang-bansa
   c. nakipagsapalaran
   d. umalis ng tirahan

2. Ayaw kong mapabilang sa mga timawa. Ang kahulugan ng timawa ay:
   a. hamak
   b. walang sapat na pera
   c. kargador
   d. mababang uring hanapbuhay

3. Mga hampaslupa ang makikita mo sa masisikip na eskinita. Ang kahulugan ng may salungguhit ay:
   a. inihampas sa lupa
   b. maglulupa
   c. lagalag
   d. istambay

Panuto: Lagyan mo ng tsek ang mga pahayag na mula sa akda na nagkabisa sa iyong sarili.

4. "Itataguyod ko ang pag-aaral mo, gusto kitang maging manggagamot."

5. "Ayaw kong matawag na timawa kaya magsisikap akong umunlad ang aking buhay."

6. "Lalo akong nagsumikap nang maging ulila akong lubos."

Panuto: Piliin mo ang mga bilang na nagpapakita ng kalakasan/kapangyarihan ng pangunahing tauhan.

7. Kahit tagahugas ng pinggan lamang si Andres, di niya ito ikinahiya, makapagpatuloy lang ng pag-aaral.

8. Sa gulang na labing-anim, sumama siya sa isang kamag-anak na kusinero sa bapor na nagyayao't dito sa Amerika at Pilipinas.

9. Isang hiwaga ang pagbubukod ni Andres sa sarili, ayaw makihalubilo sa iba.

Panuto: Piliin mo ang tamang sagot na tumutugon sa hinihingi sa bawat pangungusap. Titik lamang ang iyong isulat.

10. Umaasa ang ama ni Andres na balang araw magiging manggagamot ang anak. Ang pahayag ay nangangahulugan ng:
    a. may pag-asa
    b. malaking tiwala sa anak
    c. maghahanapbuhay nang lubos
    d. mag0hahanap ng ikabubuhay

11. Tinapos na ni Andres ang paglalagalag, naghanapbuhay ito at nag-aral. Ang ibig sabihin ng pahayag ay –
    a. may pinaglalaanan
    b. may pampaaral
    c. may panlagalag
    d. may paninindigan

12. Umiiwas si Andres sa mga kasayahan, nakapokus ang atensyon niya sa pag-aaral. Walang hinangad si Andres sa buhay kundi –
    a. mapag-isa
    b. makapaghanapbuhay
    c. makatapos ng pag-aaral
    d. makalayo sa barkada

Sa pagkakataong ito, nadalian ka na ba sa gawaing ito? Iwawasto mo muli ang iyong ginawa. Nasa guro mo ang Susi sa Pagwawasto.